Mayo 20, 2026 Kautusang Tagapagpaganap 2026-05

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP UPANG IPATUPAD ANG ILLINOIS MULTI-SECTOR PLAN FOR AGING

SAPAGKAT, ang Kautusang Tagapagpaganap 2024-02, na inilabas noong Agosto 23, 2024, na may pamagat na "Kautusang Tagapagpaganap Upang Itatag ang Multi-Sector Plan For Aging (MPA)," ay naglalayong tugunan ang pangangailangan para sa makabago at koordinadong aksyon sa iba't ibang sektor sa Illinois upang matugunan ang mga patuloy na nagbabagong pangangailangan ng lumalaking populasyon ng mga tumatandang tao; at,

SAPAGKAT, alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap 2024-02, itinatag ang isang MPA Task Force, isang MPA Advisory Council, at isang Chief Planning Officer ("Chief") upang bumuo ng isang koordinado at maisasagawang plano na ihahatid sa Gobernador at General Assembly pagsapit ng Disyembre 31, 2025; at,

SAPAGKAT, inatasan ng Kautusang Tagapagpaganap 2024-02 ang MPA Task Force, ang MPA Advisory Council, at ang isang Chief Planning Officer na bumuo ng isang komprehensibong blueprint na naglalayong palakasin ang koordinasyon sa iba't ibang sektor at isulong ang mga komunidad na kaaya-aya sa nakatatanda, na may mataas na kalidad at nakasentro sa tao na suporta para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan; at,

SAPAGKAT, inatasan din ng Kautusang Tagapagpaganap ang MPA Task Force, ang MPA Advisory Council, at ang Chief Planning Officer na magrekomenda ng mga pagkilos upang (a) tugunan ang mga pagbabago sa demograpiko na nauugnay sa edad at ang epekto nito; (b) palakasin ang imprastraktura sa pangangalaga at suportahan ang mga tagapag-alaga; (c) mapabuti ang kalidad, pagiging aksesibol, at pagkakaroon ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta para mas makapagbigay ng kakayahan sa mga matatandang tao na manatili sa kanilang mga tahanan at komunidad; (d) protektahan ang seguridad sa pananalapi at mapigilan ang pandaraya at pagsasamantala sa pananalapi; (e) palawakin ang akses sa teknolohiya at matugunan ang digital divide; at (f) isulong ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa konteksto ng pagtanda; at,

SAPAGKAT, ang pagbuo ng MPA ay kinabibilangan ng malawak na pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder sa iba't ibang sektor kabilang ang pabahay, transportasyon, pangangalagang pangkalusugan, at pagpapaunlad ng ekonomiya, at nabigyang-kaalaman ng siyam na sesyon ng pakikipag-ugnayan sa publiko na dinaluhan ng daan-daang residente ng Illinois; at,

SAPAGKAT, noong Disyembre 23, 2025, ang MPA Task Force, ang MPA Advisory Council, at ang Chief Planning Officer ay nagbigay sa Gobernador at sa General Assembly ng MPA ng Estado ng Illinois, na pinamagatang EngAging Illinois: A Comprehensive Plan for Living Well (EngAging Illinois); and,

SAPAGKAT, ang EngAging Illinois ay nagtatakda ng mga prayoridad upang matiyak na ang mga county, lungsod, at bayan ng Illinois ay magagandang lugar para sa paglaki at pagtanda, at

naglalarawan ng mga estratehiya upang pahusayin at baguhin ang mga serbisyo, patakaran, at programa na mahalaga sa maayos na pagtanda; at,

SAPAGKAT, ang EngAging Illinois ay nakaayos batay sa apat na pangunahing bibigyang-pansing mga larangan: 1) Paglikha ng mga Komunidad na Matitirahan at Magkakaugnay; 2) Pagtiyak ng Kalusugan para sa Lahat ng Edad; 3) Pamumuhunan sa mga Tagapag-alaga; at 4) Kakayahang Tustusan ang Pagtanda; at,

SAPAGKAT, ang pagsasakatuparan ng blueprint ng EngAging Illinois ay mangangailangan ng malawak na hanay ng mga ahensya ng Estado, mga lokal na pamahalaan, mga katuwang mula sa non-profit, pilantropo at pribadong sektor upang tunay na masuportahan ang lahat ng tao habang sila ay tumatanda; at,

SAPAGKAT, ang pagpapatupad ng EngAging Illinois ay nangangailangan ng tuloy-tuloy na pananagutan, koordinasyon, at pag-uulat;

NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa kapangyarihang ehekutibo na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V, Seksyon 11 ng Saligang Batas ng Illinois, ay nag-uutos ng mga sumusunod:

1. Ang EngAging Illinois Multisector Plan for Aging Commission (EIMPAC o Komisyon) ay itinatatag upang gabayan, koordinahin, at pangasiwaan ang pagpapatupad ng EngAging Illinois sa buong pamahalaan ng Estado at mga katuwang nitong organisasyon.

2. Ang mga miyembro ng Komisyon ay:

    a. Magbibigay ng kaalaman at kasanayan sa iba't ibang sektor upang gabayan ang pagpapatupad;
    b. Lalahok at mangunguna sa mga workgroup na naaayon sa bibigyang-pansing mga larangan ng Plano;
    c. Susubaybayan ang progreso ng pagpapatupad at tutukoy ng mga hadlang at oportunidad; at
    d. Magtutulungan upang gawing nangunguna ang Illinois sa mga estado sa pagbibigay-suporta sa populasyon ng mga nakatatanda nito upang makamit ang mataas na kalidad at may-layuning pamumuhay at mapalawak ang mga positibong resulta para sa lipunan.

3. Ang Komisyon ay hihirangin ng Direktor ng Illinois Department on Aging at bubuuin ng hindi bababa sa sampung miyembro na sumasalamin sa dibersidad sa heograpiya, lahi, kultura, at sosyo-ekonomiko ng estado, kasama ang mga Direktor/Kalihim ng mga Ahensya ng Estado na nakalista sa ibaba o ang kanilang mga itinalaga; dalawang miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan, isa na itatalaga ng House Speaker at isa na itatalaga ng Pinuno ng Minorya ng Kapulungan; at dalawang miyembro ng Senado ng Illinois, isa na itatalaga ng Pangulo ng Senado at isa na itatalaga ng Republican Leader ng Senado.

    Mga Ahensya, Opisyal, at Komisyon ng Estado:

    - Department on Aging
    - Department of Children & Family Services
    - Department of Commerce and Economic Opportunity
    - Department of Corrections
    - Department of Healthcare and Family Services
    - Department of Human Rights
    - Department of Human Services
    - Department of Insurance
    - Department of Labor
    - Department of Public Health
    - Department of Transportation

- Department of Veterans' Affairs
- Illinois Arts Council
- Illinois Board of Higher Education
- Illinois Community College Board
- Illinois Council on Developmental Disabilities
- Illinois Deaf & Hard of Hearing Commission
- Illinois Guardianship & Advocacy Commission
- Illinois Housing Development Authority
- Office to Prevent and End Homelessness
- Office of the State Ombudsman

4. Ang Komisyon ay pamumunuan ng Chief Planning Officer kasama ang isang indibidwal mula sa labas ng pamahalaan ng Estado, na itatalaga ng Direktor ng Illinois Department on Aging. Ang Chief Planning Officer ay:

    a. Mangunguna sa araw-araw na pagpapatupad ng EngAging Illinois;
    b. Magkokordina sa iba't ibang ahensya ng Estado at mga katuwang;
    c. Susubaybayan ang pagganap at progreso ng pagpapatupad;
    d. Magsusumite ng unang taunang ulat sa Gobernador at General Assembly sa Disyembre 31, 2026; at
    e. Magsusumite ng taunang ulat tungkol sa progreso sa Gobernador at General Assembly pagsapit ng Marso 31, 2028, at taun-taon bawat taon pagkatapos niyon.

5. Ang mga miyembro ng Komisyon ay magsisilbi bilang mga boluntaryo nang walang kabayaran.

6. Ang Komisyon ay dapat magpulong nang hindi bababa sa apat na beses sa isang taon.

7. Ang Illinois Department on Aging ay magbibigay ng suportang administratibo sa Komisyon. Maaaring magbigay ng karagdagang suporta ang Illinois Department of Human Services, ang Illinois Department of Public Health, mga katuwang sa pananaliksik, at mga pribadong pundasyong pilantropo na nakatuon sa pagsusulong ng mga layunin ng EngAging Illinois. Maaaring tukuyin ng Chief Planning Officer ang mga karagdagang mapagkukunan upang makatulong sa pagpapatupad ng EngAging Illinois.

8. Upang maisulong ang gawain ng Komisyon, ang Department on Aging ay inaatasang itaguyod ang pagkilala sa Illinois bilang isang AARP "Age-Friendly State" at ipagpatuloy ang pagsusulong ng mga pagsisikap ng mga umiiral na lokal na "Age-Friendly Communities" sa Illinois.

9. Ang mga ahensya ng Estado ay dapat makipagtulungan sa Chief Planning Officer at sa Komisyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng datos, impormasyon, at suporta ng mga tauhan na kinakailangan upang ipatupad ang EngAging Illinois.

10. Maaaring i-update ng Chief Planning Officer ang Plano kada tatlong taon, kung kinakailangan.

11. Magtatapos ang Komisyon nang hindi lalampas sa Disyembre 31, 2036.

12. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi sumasalungat at hindi dapat ipakahulugan na sumasalungat sa anumang mga kontrata, kasunduan, o mga kolektibong kasunduan sa pakikipagkasundo.

13. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng alinmang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

14. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipawalang-bisa ng anumang hukuman na may kaukulang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang iba

pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang pinawalang-bisang probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idinedeklarang maaaring paghiwalayin.

15. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad pagkahain nito sa Kalihim ng Estado.

_____
JB Pritzker
Gobernador

Inilabas ng Gobernador: Mayo 20, 2026
Inihain sa Kalihim ng Estado: Mayo 20, 2026